

Paano Bumoto sa 2020 Pangkalahatang Eleksyon ng California



Maghanda

Kung ikaw ay nakapagparehistro na upang makaboto, kinakailangan mong pumunta sa voterstatus.sos.ca.gov upang siguraduhin na ang lahat ng iyong impormasyon ay tama. I-tsek ang iyong address, email address at ilagay kung ninanais mong makatanggap ng naisalan na mga materyales para sa eleksyon.

Kung ikaw ay hindi pa nakarehistro, maaari kang pumunta sa registertovote.ca.gov upang magparehistro online o pumunta sa DMV, tanggapan ng koreo, silid-aklatan o sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan upang kumuha ng form. Maaari ka rin magparehistro hanggang sa Araw ng Eleksyon kung nalagpasan mo ang de

Bumoto sa Bahay

Kung ikaw ay nakapagparehistro na pagdating ng ika-19 ng Oktubre, ikaw ay makakatanggap ng balota sa koreo. Punan ang iyong balota at siguraduhin na lagdaan ito, lagyan ng petsa at dikitan ito.



Maaari mo itong ibalik sa **pamamagitan ng koreo**. Hindi na ito kinakailangan ng selyo! Siguraduhin na matatakan ito bago matapos ang araw ng Nobyembre 3.



Maaari mo rin itong ihulog sa tanggapan ng eleksyon ng iyong lalawigan o alin mang lugar ng botohan o sentro ng botohan. Karamihan ng mga lalawigan ay mayroon ding siniguradong ligtas na mga drop box na mayroon na mula sa mga unang araw o linggo ng Oktubre.

Bumoto ng Personal

Ang Araw ng Eleksyon ay **Martes, Nobyembre 3, 2020**. Ang botohan ay magbubukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Maaari mong hanapin ang iyong lugar ng botohan dito: sos.ca.gov/elections/polling-place.

Karamihan ng mga lalawigan ay nag-aalok ng pagboto ng personal mula **Sabado, Oktubre 31, 2020**, at ang iba naman ay magkakaroon ng pagboto ng personal ng mas maaga pa. I-tsek sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan. Maaari mong mahanap ang mga lokasyon na may maagang botohan at mga drop box dito: caearlyvoting.sos.ca.gov



Upang mas padaliin ang proseso hangga't maaari, subukang dalhin ang iyong balota upang ito ay maibigay kung sakaling nakatanggap ka na nito sa koreo.